フィリピノ語

# Balitang Iwas Krimen Tungo sa Kaunlaran ng Bayan

No. 173

Ika-2 ng Nobyembre 2020
Iwas Krimen tungo sa Kaunlaran ng Bayan
Inhilathala ng Lupon ng Mamamayan ng Shizuoka
Kalihim, Dibisyon ng Ligtas na Pamumuhay at Trapiko
TEL : 054-221-3715

地域から始めよう しずおか防犯まちづくり

## ~Sama sama tayong lumikha ng mapayapang komunidad~ 「Pambansang Pagsasanay ng Lokal na Kaligtasan」

Ang taon taon na ginaganap na "Pambansang Pagsasanay ng Lokal na Kaligtasan" ay ipinagdiriwang ng 10 araw mula Oktubre 11 (Linggo) hanggang Oktubre 20 (Martes).

Ipinagdiriwang sa lalawigan ang mga gawaing iwas-krimen at iba pang samut saring gawain. Ipapakila namin ang ilan sa mga ito.



Kapulisan sa Fujieda




HQ ng Kapulisan Dib. sa Pagpaplano ng Ligtas na Pamumuhay



Kapulisan sa Fuji



Kapulisan sa Shizuoka (Silangan)

## Ano ba ang pambansang pagsanany ng lokal na kaligtasan?

Mayroon 75,000 na kaso ng paglabag sa penal na batas noong 2019 sa buong bansa at ito na ang pinakamababang bilang na naitala matapos ang ikalawang digmaan.

Ngunit, ang bilang ng mga nabibiktima na kabataan at kababaihan ay patuloy pa rin na hindi mapuksa. Patuloy pa rin ang pambibiktima sa mga matatanda sa pamamagitan ng bukod tanging panloloko. Masasabi na marami pa rin ang nag-aalala pagdating sa krimen.

Iwasan ang mga ganitong krimen. Para mapangalagaan ang kapayapaan at seguridad ng lokal na komunidad, ang mga mamamayan ay kusang nagsasagawa ng iba't ibang gawain para sa seguridad ng lokal na komunidad.

Ang gawain para mapangalagaan ang seguridad sa lokal na komunidad sa buong bansa ay para maisakatuparan ang pagpapalakas sa mga gawain sa pangangalaga ng seguridad sa lokal na komunidad at pagtutulungan ng Kapulisan, lokal na mamamayan, pamahalaan at mga nangangalakal.

# Pagsasagawa ng「Panayam para sa Pagbibigay Tulong sa mga Biktima ng Krimen sa Shizuoka 2020」

Ang panahon mula Nobyembre 25 hanggang Disyembre 1 taon taon ay itinakda bilang "Linggo para sa Biktima ng Krimen".

May mga tao sa ating paligid na nangangailangan ng tulong sanhi ng naranasang trauma at nahihirapan sa pang-araw araw na pamumuhay dulot ng pagiging biktima ng krimen.

Ang Kapulisan ng Shizuoka, Lungsod ng Shizuoka at Sentro na Tumutulong sa mga Biktima ng Krimen ay nagkaisa para isagawa ang "Panayam para sa Pagbibigay Tulong sa mga Biktima ng Krimen sa Shizuoka 2020" upang palalimin ang pang-unawa ng mga mamamayan pagdating sa mga biktima ng krimen.



★ **Kailan** Nobyembre 27, 2020 (Biyernes) 1pm-4pm

★ **Saan** Fuda no Tsuji Cross Hall
（15 minutong lakad mula sa istasyon ng JR Shizuoka）

★ **Panayam** Paksa: "Paggamit ng cellphone habang nagmamaneho ay gawain pagpatay～kasama si Keita, 1493 araw makalipas ang trahedya""
Tagapagsalita: G. Noritake Takatoshi

Noong ika-26 ng Oktubre 2016, si Keita, ang ikalawang anak na lalaki ay nasagasaan ng isang lalaki na naglalaro ng popular na "Pokemon GO" habang nagmamaneho.
Pagkatapos ng trahedya, maigting na nanawagan sa gobernardor at sangguniang panlalawigan ng Aichi na patawan ng mas mahigpit na parusa ang mga salarin. Noong ika-2 ng Disyembre 2016, ang gobernardor ng Aichi kasama ang mayor ng Lungsod ng Ichinomiya ay dumalo sa pambansang pagpupulong ng pampublikong seguridad at nanawagan na patawan ng mas mahigpit na parusa ang mga gumagamit ng cellphone habang nagmamaneho. Ang mas mahigpit na parusa ay ipinatupad noong ika-1 ng Disyembre 2019.
Mula Mayo 2017, sinimulan ang panayam para umapela sa mga estudyante ng junior haiskul, haiskul at kolehiyo at maging sa mga kumpanya tungkol sa panganib ng paggamit ng cellphone habang nagmamaneho. Hanggang sa kasalukuyan naisagawa na ang panayam ng 130 na beses.

★ **Kalahok** ①80 katao sa pagdadausan,②Internet broadcast（I-upload sa YouTube pagkatapos）

★ **Huling araw ng aplikasyon** Nobyembre 20, 2020（Biyernes）ayon sa pagkatanggap

★ **Aplikasyon** Kailangang magsumite ng aplikasyon sa pagdalo sa Sentro para sa Pagbibigay Tulong sa Biktima ng Krimen
Maaari ring tanggapin sa pamamagitan ng fax o telepono (Para sa detalye, bisitahin ang website o basahin ang leaflet)
https://www.pref.shizuoka.jp/kenmin/km-110a/kouenkai2020.html

# Naganap ang malagim na krimen noong Oktuber 21, 2020!!

Mayroong insidente kung saan ang isang babae na nakatira sa Aoi-ku, Lungsod ng Shizuoka ay sinugod ng isang kakilalang lalaki paglabas nito ng bahay at tinangkang patayin sa pamamagitan ng pagsakal ng leeg at pagtulak.

Ayon sa pulis, narinig ng mga kapitbahay ang sigaw ng babae at dahil agad na naiulat sa pulis, nasaklolohan ang babae. Ngunit, siya ay nagtamo ng pinsala sa leeg dulot ng kanyang paglaban sa umatake sa kanya.

**Para hindi mabiktima sa sariling tahanan**

**①Kapag lalabas ng bahay, siguraduhin muna ang paligid sa pamamagitan ng interphone o peep hole sa pinto.**





**②Bago pumasok ng bahay, siguraduhin ang paligid at sumigaw ng "Andito na ako" pagkapasok ng pinto kahit mag-isa lang sa bahay.**

